**ABISO NG MGA KAGAWIAN SA PRIVACY**
**(NOTICE OF PRIVACY PRACTICES)**

Petsa ng Pagiging Epektibo: Abril 14, 2003
Na-revise: Marso 5, 2026

Inilalarawan ng abisong ito kung paano maaaring gamitin at ibunyag ang impormasyong medikal tungkol sa iyo at kung paano ka pwedeng makakuha ng access sa impormasyong ito. PAKISURI ITO NANG MABUTI.

Para sa mga record ng part 2 na Substance Use Disorder (SUD), inilalarawan ng abisong ito ang:

- Paano maaaring gamitin at ibunyag ang part 2 na impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo
- Ang mga karapatan mo kaugnay ng iyong impormasyon sa kalusugan
- Paano maghain ng reklamo tungkol sa paglabag sa privacy o seguridad ng impormasyon mo sa kalusugan, o sa iyong mga karapatan patungkol sa impormasyon mo

May karapatan kang makakuha ng kopya ng abisong ito (sa papel o elektronikong anyo) at talakayin ito sa aming privacy officer sa 833-718-1043 o sa privacyofficer@trinity-health.org kung mayroon kang anumang katanungan.

Nauunawaan namin na lubos na personal ang iyong impormasyon sa kalusugan, at nakatuon kami sa pangangalaga sa privacy mo. Pakibasa nang mabuti ang Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy na ito. Inilalarawan nito kung paano namin gagamitin at ibubunyag ang iyong Protected Health Information **(PHI).**

Ang Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996, at ang Health Information Technology for Economic and Clinical Health Act (matatagpuan sa Title XIII ng American Recovery and Reinvestment Act of 2009) (sama-samang tinutukoy bilang "HIPAA"), na ina-amyendahan paminsan-minsan, ay nag-aatas sa amin na panatilihin ang privacy ng impormasyon sa kalusugan ng individually identifiable patient **(ang impormasyong ito ay "protektadong impormasyon sa kalusugan o protected health information" at tinutukoy dito bilang "PHI").**

Kinakailangan din naming bigyan ang mga pasyente ng Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy patungkol sa PHI. Gagamitin o ibubunyag lang namin ang PHI mo kung pinahintulutan o kinakailangan ng naaangkop na batas ng estado at pederal. Nalalapat ang Abisong ito sa PHI mo na nasa ilalim ng aming kontrol kabilang ang mga medikal na record na aming na-generate.

Nalalapat ang Abisong ito sa pag-deliver ng pangangalaga sa kalusugan ng aming ospital at ng mga medikal na staff nito sa pangunahing ospital, lahat ng outpatient department, mga program at klinika sa paggamot ng Part 2 na Substance Use Disorder. Nalalapat din ang Abisong ito sa mga aktibidad ng pagsusuri sa paggamit at pagtatasa ng kalidad ng Trinity Health at ng aming ospital bilang miyembro ng Trinity Health, isang Katolikong health care system na may mga pasilidad na matatagpuan sa maraming estado sa buong United States.

## I. Pinapahintulutang Paggamit o Pagbubunyag

**A. Paggamot:** Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI mo para makapagbigay, mag-coordinate, o mai-manage ang iyong pangangalagang pangkalusugan at mga kaugnay na serbisyo para maisagawa ang mga tungkulin sa paggamot. Ang sumusunod ay mga halimbawa kung paano namin gagamitin at/o ibubunyag ang PHI mo:

i. Sa iyong attending physician, (mga) consulting physician, at iba pang health care provider na may lehitimong pangangailangan para sa naturang impormasyon para sa pangangalaga at paggamot sa iyo.

ii. Para i-coordinate ang paggamot mo (hal., pag-iiskedyul ng appointment) sa amin at iba pang health care provider tulad ng pangalan, address, trabaho, kompanya ng insurance, atbp.

iii. Para kontakin ka bilang paalala na mayroon kang appointment para sa paggamot o pangangalagang medikal sa aming mga pasilidad.

iv. Para mabigyan ka ng impormasyon tungkol sa mga alternatibong paggamot o iba pang benepisyo o serbisyong may kaugnayan sa kalusugan.

v. Kung ikaw ay isang bilanggo sa isang institusyong pangkoreksyon o nasa kustodiya ng isang opisyal ng tagapagpatupad ng batas, ibubunyag namin ang iyong PHI sa institusyong pangkoreksyon o sa opisyal ng tagapagpatupad ng batas ayon sa hinihingi ng batas.

**B. Paggamot sa Substance Use Disorder (SUD):** Nagbibigay kami ng mga programa sa paggamot sa substance use disorder na sakop ng 42 CFR Part 2 (“Part 2 Program”) Kung makakatanggap ka ng ganitong uri ng pangangalaga, posibleng hilingin sa iyo na pumirma sa form ng pangkalahatang pahintulot para sa paggamot para sa Part 2 Program. Ang nakasulat na awtorisasyon para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, at operasyon ay pwedeng makuha nang isang beses at pwedeng suportahan ang mga paggamit ng PHI mo sa hinaharap para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, at operasyon nang walang karagdagang awtorisasyon sa ilalim ng HIPAA.

i. Kung makatanggap o magpanatili kami ng anumang impormasyon tungkol sa iyo mula sa program ng paggamot sa substance use disorder na sakop ng 42 CFR Part 2 ("Part 2 Program") sa pamamagitan ng iisang nakasulat na pahintulot na ibinigay mo sa Part 2 Program para gamitin at ibunyag ang record ng Part 2 Program para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan, pwede rin naming gamitin at ibunyag ang record ng Part 2 Program mo para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng inilarawan sa Abisong ito.

ii. Kung matanggap o panatilihin namin ang record ng Part 2 Program mo sa pamamagitan ng partikular na pahintulot na ibinigay mo sa amin o sa ibang third party, gagamitin at ibubunyag lang namin ang record ng Part 2 Program mo ayon sa

hayagan mong pinahintulutan sa iyong ibinigay na pahintulot sa amin.

iii. Sa anumang pagkakataon ay hindi namin gagamitin o ibabahagi ang record ng Part 2 Program mo, o ang testimonya na naglalarawan ng impormasyong nakapaloob sa record ng Part 2 Program mo, sa anumang paglilitis na sibil, kriminal, administratibo, o lehislatibo ng anumang Pederal, Estado, o lokal na awtoridad, laban sa iyo, maliban kung pinahintulutan ng iyong pahintulot o ng utos ng korte pagkatapos nitong magbigay sa iyo ng abiso tungkol sa utos ng korte.

iv. Pangangalap ng pondo: May karapatan kang mag-request na mag-opt out sa mga partikular na aktibidad ng pangangalap ng pondo na may kaugnayan sa paggamot sa Substance Use Disorder.

v. Iyong Mga Karapatan Tungkol sa Mga Record ng Part 2: Nalalapat sa lahat ng medikal na impormasyon ang karagdagang karapatan ng pasyente na nakabalangkas sa Abisong ito, kabilang ang mga record ng Part 2.

C. **Pagbabayad:** Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI mo para sa mga layunin ng pagbabayad. Ang sumusunod ay mga halimbawa kung paano namin gagamitin at/o ibubunyag ang PHI mo:

i. Sa kompanya ng insurance, third party na tagapagbayad, third party na administrator, health plan o iba pang health care provider (o sa kanilang mga awtorisadong kinatawan) para sa mga layunin ng pagbabayad tulad ng pagtukoy sa coverage, pagiging kwalipikado, paunang pag-apruba / awtorisasyon para sa paggamot, pagsingil, pag-manage ng mga claim, mga audit ng reimbursement, atbp.

ii. Sa mga agency ng pagkolekta at iba pang third party na nakikibahagi sa pagkuha ng bayad para sa pangangalaga.

D. **Mga Operasyon sa Pangangalagang Pangkalusugan:** Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI mo para sa mga layunin ng mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ang sumusunod ay mga halimbawa kung paano namin gagamitin at/o ibubunyag ang PHI mo:

i. Para sa pag-manage ng kaso, pagtiyak ng kalidad, paggamit, accounting, pag-audit, pagpaplano ng paglabas sa ospital, mga aktibidad sa kalusugan ng populasyon na may kaugnayan sa pagpapabuti ng kalusugan o pagbabawas ng mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan, edukasyon, akreditasyon, paglilisensya, at mga aktibidad sa pagbibigay ng kredensyal.

ii. Sa mga consultant, accountant, auditor, abogado, kompanya ng transkripsyon, information technology at cloud storage provider, atbp.

E. **Iba Pang Gamit at Pagbubunyag:** Bilang bahagi ng paggamot, pagbabayad, at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Pwede rin naming gamitin ang PHI mo para sa mga sumusunod na layunin:

i. **Mga Aktibidad sa Pangangalap ng Pondo at Marketing:** Gagamitin at maaari rin naming ibunyag ang ilan sa PHI mo, kabilang ang kaugnay na foundation, para sa mga partikular na aktibidad sa pangangalap ng pondo at marketing. Halimbawa, posible naming gamitin o ibunyag ang impormasyon ng demograpiko mo, ang mga petsa ng paggamot mo, impormasyon ng gumagamot na doktor, departamento ng serbisyo at impormasyon ng mga resulta at maaaring humingi sa iyo ng donasyong pinansyal. Ang anumang komunikasyon sa pangangalap ng pondo at marketing na ipinadala sa iyo ay magsasabi kung paano mo magagamit ang iyong karapatang mag-opt-out sa pagtanggap ng mga katulad na komunikasyon sa hinaharap.

ii. **Medikal na Pananaliksik:** Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI mo sa mga medikal na mananaliksik na humihiling nito sa paraang naaayon sa batas para sa mga naaprubahang proyekto ng medikal na pananaliksik. Kinakailangang pangalagaan ng mga mananaliksik ang lahat ng natanggap nilang PHI.

iii. **Mga Aktibidad ng Promosyon sa Kalusugan:** Gagamitin at ibubunyag namin ang ilan sa PHI mo para sa mga partikular na aktibidad ng promosyon sa kalusugan. Halimbawa, gagamitin ang pangalan at address mo para magpadala sa iyo ng pangkalahatang newsletter o partikular na impormasyon batay sa iyong sariling mga alalahanin sa kalusugan.

iv. **Artificial Intelligence**: Gumagamit kami ng teknolohiya para suportahan ang pangangalaga at paggamot na posibleng gumagamit ng Artificial Intelligence (AI). Gumagamit ang teknolohiya ng artificial intelligence ng impormasyon para sanayin at pagbutihin ang function ng AI. Dapat panatilihing kumpidensyal ng aming mga partner sa teknolohiya, kabilang ang mga may teknolohiyang AI, ang impormasyon sa ilalim ng naaangkop na batas.

v. **Impormasyong Tinanggalan ng Pagkakakilanlan**: Maaari naming gamitin at ibunyag ang impormasyon na tinanggalan ng pagkakakilanlan, ibig sabihin ay hindi kasama rito ang iyong pangalan, address, o iba pang indibidwal na detalye na maaaring direktang makilala ka, alinsunod sa batas ng pederal. Kapag natanggalan na ng pagkakakilanlan ang impormasyon mo, hindi na ito ituturing na protektadong impormasyon sa kalusugan sa ilalim ng HIPAA at hindi na sakop ng parehong proteksyon sa privacy.

**F. Mas Mahigpit na Mga Batas:** Posibleng mas mahigpit ang mga batas ng Estado kung saan ka nakatira kaysa sa HIPAA sa ilang lugar. Patuloy naming susundin ang mas mahigpit na mga batas ng estado.

i. **Mas Mahigpit na Mga Batas ng Estado:** Ang batas ng estado ay mas mahigpit kung may karapatan ang indibidwal sa mas malawak na access sa mga record kaysa sa ilalim ng HIPAA. Mas mahigpit din ang batas ng estado kapag ang mga rekord ay nagbibigay ng mas mataas na antas ng proteksyon laban sa pagbubunyag sa ilalim ng batas ng estado kaysa sa itinakda ng HIPAA. Sa mga pagkakataong nagbibigay kami ng paggamot sa pasyenteng naninirahan sa kalapit na estado, susunod kami sa mas mahigpit na naaangkop na batas ng estado.

**G. Health Information Exchange:** Ibinabahagi namin ang mga record ng kalusugan mo sa elektronikong paraan o sa iba pang paraan sa Mga Health Information Exchange ("mga HIE") na nagpapalitan ng mga record ng kalusugan sa iba pang mga HIE. Gumagamit din

kami ng teknolohiya sa pagpapalitan ng data (tulad ng mga serbisyo ng direktang pagmemensahe, health information services provider (“HISP”), at mga portal ng provider) kasama ang Electronic Health Record (“EHR”) nito para ibahagi ang mga record ng kalusugan mo para sa mga pinapahintulutang layunin kabilang ang pagpapatuloy ng pangangalaga at paggamot. Ang mga HIE at teknolohiya sa pagpapalitan ng data ay nagbibigay-daan sa pagbabahagi ng mga record ng kalusugan mo para mapabuti ang kalidad ng ibinibigay na mga serbisyong pangkalusugan. Maglalaman ang mga ibinabahaging record ng kalusugan, kung naaangkop, ng mga sensitibong diagnosis tulad ng HIV/AIDS, mga sakit na nakukuha sa pakikipagtalik, impormasyong genetic, kalusugan ng pag-iisip, at alcohol/substance use disorder. Ang mga HIE at provider ng teknolohiya sa pagpapalitan ng data ay gumaganap bilang aming kasosyo sa negosyo at, sa pagkilos para sa amin, ipapadala, pananatilihin at itatago nila ang PHI mo para sa paggamot, pagbabayad at mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan at iba pang pinahihintulutang layunin. Kinakailangan ang mga HIE at teknolohiya sa pagpapalitan ng data para ipatupad ang mga administratibo, pisikal, at teknikal na pananggalang na nagpoprotekta sa pagiging kumpidensyal at integridad ng iyong medikal na impormasyon. Posibleng magbigay sa iyo ang naaangkop na batas ng karapatang paghigpitan, mag-opt-in, o mag-opt-out sa (mga) HIE. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang aming Privacy Officer sa 833-718-1043, o pwede mo kaming i-email sa privacyofficer@trinity-health.org.

## II. Pinapahintulutang Paggamit o Pagbubunyag na may Pagkakataon Kang Sumang-ayon o Tumutol

A. **Pamilya/Mga Kaibigan:** Ibubunyag namin ang PHI mo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilya na sangkot o nagbabayad sa iyong pangangalagang medikal. May karapatan kang humiling na huwag ibahagi ang PHI mo. Bukod pa rito, ibubunyag namin ang PHI mo sa ahensyang tumutulong sa mga pagsisikap sa pagtulong sa sakuna para maabisuhan ang pamilya mo tungkol sa iyong kondisyon, katayuan, at lokasyon.

B. **Direktoryo ng Ospital**: Maaari naming isama ang partikular na impormasyon tungkol sa iyo sa direktoryo kapag isa kang pasyente sa ospital. Maglalaman ang impormasyong ito ng iyong pangalan, lokasyon, pangkalahatan mong kondisyon (hal., maayos ang kalagayan, stable, kritikal, atbp.) at ang kinabibilangan mong relihiyon. Ibubunyag sa mga taong magtatanong sa iyong pangalan ang impormasyon ng direktoryo, maliban sa kinabibilangan mong relihiyon. May karapatan kang humiling na huwag isama ang pangalan mo sa aming direktoryo. Kung hihilingin mong mag-opt-out sa direktoryo, hindi namin maaaring ipaalam sa mga bisita ang iyong presensya, lokasyon, o pangkalahatang kondisyon.

C. **Pangangalagang Espirituwal**: Ang impormasyon ng direktoryo, kabilang ang kinabibilangan mong relihiyon, ay ibibigay sa isang miyembro ng klero, kahit na hindi ka nila tanungin ayon sa pangalan. Ang mga spiritual care provider ay mga miyembro ng health care team at maaaring konsultahin tungkol sa pangangalaga mo. May karapatan kang humiling na huwag ibigay ang pangalan mo sa mga miyembro ng klero.

D. **Mga Ulat sa Media:** Ilalabas namin ang impormasyon ng direktoryo ng pasilidad sa media (hindi kasama ang kinabibilangang relihiyon) kung hihingi ang media ng impormasyon tungkol sa iyo gamit ang iyong pangalan. Tandaan na maaari kang tumanggi na maisama sa direktoryo.

## III. Paggamit o Pagbubunyag na Nangangailangan ng Awtorisasyon Mo

A. **Marketing:** Napapailalim sa partikular na limitadong eksepsiyon, kailangan ang iyong nakasulat na awtorisasyon kung kami ay makakatanggap ng anumang direktang o hindi direktang bayad bilang kapalit ng pakikipag-ugnayan sa iyo na nag-eengganyo sa iyong bumili ng produkto o serbisyo, o para sa pagbubunyag sa isang third party na nais magbenta ng kanilang mga produkto o serbisyo sa iyo.

B. **Pananaliksik:** Kukunin namin ang iyong nakasulat na awtorisasyon para gamitin o ibunyag ang iyong PHI at/o mga sample na tisyu para sa mga layunin ng pananaliksik kapag kinakailangan ng HIPAA o mga batas at regulasyon sa klinikal na pananaliksik.

C. **Mga Tala Tungkol sa Psychotherapy:** Ang karamihan sa paggamit at pagbubunyag ng mga tala ng psychotherapy ay nangangailangan ng iyong nakasulat na awtorisasyon.

D. **Mga Tala sa Pagpapayo sa Part 2 SUD:** Kailangan naming makuha ang iyong hiwalay na nakasulat na pahintulot bago ibunyag ang anumang Tala sa Pagpapayo sa SUD na maaaring nakapaloob sa record ng Part 2 mo maliban kung pinapayagan ng Part 2. Ang pahintulot para sa pagbubunyag ng Mga Tala sa Pagpapayo ng SUD ay hindi maaari at hindi isasama sa anumang iba pang awtorisasyon.

E. **Pagbebenta ng PHI:** Napapailalim sa partikular na limitadong eksepsiyon, ang mga pagbubunyag na bumubuo ng pagbebenta ng PHI ay nangangailangan ng iyong nakasulat na pahintulot.

F. **Iba Pang Paggamit at Pagbubunyag:** Anumang iba pang paggamit o pagbubunyag ng PHI na hindi inilarawan sa Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy na ito ay maaaring mangailangan ng iyong nakasulat na awtorisasyon (kung hindi pinapahintulutan ng HIPAA). Ipapaalam sa iyo ng mga nakasulat na awtorisasyon kung bakit namin ginagamit ang PHI mo. May karapatan kang bawiin ang awtorisasyon anumang oras.

## IV. Paggamit o Pagbubunyag na Pinapahintulutan o Kinakailangan ng Pampublikong Patakaran o Batas nang walang Awtorisasyon mo

A. **Mga Layunin ng Pagpapatupad ng Batas:** Maaari naming ibunyag ang PHI mo para sa mga layunin ng pagpapatupad ng batas alinsunod sa pinapahintulutan ng batas, tulad ng pagtukoy sa isang suspek sa krimen o nawawalang tao o pagbibigay ng impormasyon tungkol sa biktima ng krimen o gawaing kriminal na nakakaapekto sa iyo.

B. **Kinakailangan ng Batas:** Ibubunyag namin ang PHI tungkol sa ito kapag hinihingi ng pederal, estado, o lokal na batas. Kabilang sa mga halimbawa ang mga pagbubunyag bilang tugon sa utos ng hukuman / subpoena, mandatoryong pag-uulat ng estado (hal., mga sugat mula sa baril, mga biktima ng pang-aabuso o kapabayaan sa bata), mga imbestigasyon ng gobyerno, o impormasyong kinakailangan para sumunod sa iba pang batas tulad ng workers’ compensation o mga katulad na batas. Iuulat namin sa mga

awtoridad sa pagpapatupad ng batas at sa mga regulatory agency ang drug diversion at impormasyong may kaugnayan sa mapanlinlang na aktibidad sa reseta.

C. **Pampublikong Pangangasiwa sa Kalusugan o Kaligtasan:** Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI para maiwasan ang isang seryosong banta sa kalusugan at kaligtasan ng isang tao o ng publiko. Kabilang sa mga halimbawa ang pagbubunyag ng PHI sa mga imbestigador ng estado hinggil sa kalidad ng pangangalaga o sa mga ahensya ng pampublikong kalusugan hinggil sa mga bakuna, nakakahawang sakit, atbp. Gagamitin at ibubunyag namin ang PHI para sa mga aktibidad na may kaugnayan sa kalidad, kaligtasan o pagiging epektibo ng mga produkto o aktibidad na pinangangasiwaan ng Food and Drug Agency, kabilang ang pagkolekta at pag-uulat ng mga hindi magandang pangyayari, pag-track, at pag-facilitate sa mga pagbawi ng produkto, atbp.

D. **Mga Coroner, Medical Examiner, at Funeral Director:** Ibubunyag namin ang PHI mo sa isang coroner o medical examiner. Halimbawa, kinakailangan ito para makilala ang isang namatay o para matukoy ang sanhi ng pagkamatay. Posible rin naming ibunyag ang iyong medikal na impormasyon sa mga funeral director kung kinakailangan para maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin.

E. **Pagkuha ng Organ:** Ibubunyag namin ang PHI sa isang organisasyon o entidad sa pagkuha ng organ para sa mga layunin ng pag-donate ng organ, mata, o tisyu.

F. **Mga Naka-specialize na Tungkulin ng Gobyerno:** Ibubunyag namin ang PHI mo patungkol sa mga tungkulin ng gobyerno tulad ng mga aktibidad ng militar, pambansang seguridad, at intelihensiya. Gagamitin o ibubunyag namin ang PHI sa Department of Veterans Affairs para matukoy kung kwalipikado ka para sa mga partikular na benepisyo.

G. **Mga Pagbakuna:** Ibubunyag namin ang patunay ng pagbabakuna sa isang paaralan kung kinakailangan ito ng estado o iba pang katulad na batas bago tanggapin ang isang estudyante.

## V. Iyong Mga Karapatan sa Impormasyon ng Kalusugan

Mayroon kang mga sumusunod na indibidwal na karapatan hinggil sa PHI mo kabilang ang mga record ng Part 2:

A. **Karapatan sa Pagsusuri at Kopya:** Sakop ng mga partikular na limitadong eksepsiyon, may karapatan kang ma-access ang PHI mo at masuri at makopya ang PHI mo hangga't pinapanatili namin ang data.

Kung tatanggihan namin ang kahilingan mong i-access ang iyong PHI, aabisuhan ka namin sa pamamagitan ng sulat kasama ang dahilan ng pagtanggi. Halimbawa, wala kang karapatan sa mga tala sa psychotherapy o suriin ang impormasyon na saklaw ng batas na nagbabawal sa pag-access. Maaaring may karapatan kang ipasuri ang desisyong ito.

May karapatan ka ring hilingin ang PHI mo sa elektronikong format sakaling gumagamit Kami ng elektronikong rekord ng kalusugan.

Sisingilin ka ng makatuwirang bayarin para sa pagkopya alinsunod sa naaangkop na batas pederal o estado.

Para sa iyong kaginhawahan, ang ilan sa iyong PHI ay maa-access sa portal ng pasyente. Makukuha ang access sa karagdagang PHI sa pamamagitan ng kahilingan sa pag-access.

B. **Karapatan sa Pag-amyenda:** May karapatan kang amyendahan ang PHI mo hangga't pinapanatili namin ang data. Kailangan mong gawin ang iyong kahilingan para sa pag-amyenda ng iyong PHI sa pamamagitan ng sulat sa privacyofficer@trinity-health.org o sa aming system privacy officer sa 20555 Victor Parkway, Livonia, MI 48152 kasama ang iyong dahilan para suportahan ang hinihiling na pag-amyenda.

Gayunpaman, tatanggihan namin ang kahilingan mo para sa pag-amyenda kung:

i. Hindi namin ginawa ang impormasyon

ii. Ang impormasyon ay hindi bahagi ng nakatalagang record set

iii. Hindi magiging available ang impormasyon para sa inspeksyon mo (dahil sa kondisyon o katangian nito)

iv. Ang impormasyon ay tama at kumpleto.

Kung tinanggihan ang kahilingan mo para sa pagbabago ng iyong PHI, ipapaalam sa iyo ng Privacy Officer sa pamamagitan ng sulat ang dahilan ng pagtanggi. Ipapaalam din sa iyo ng Privacy Officer ang iyong karapatang magsumite ng nakasulat na pahayag na nagpapahayag ng iyong hindi pagsang-ayon sa pagtanggi. Maaari mong hilingin na isama namin ang iyong kahilingan para sa pag-amyenda at ang pagtanggi anumang oras na ibubunyag namin sa hinaharap ang impormasyong nais mong baguhin. Maaari kaming maghanda ng tugon sa iyong pahayag sa hindi pagsang-ayon at bibigyan ka namin ng kopya ng tugong iyon.

C. **Karapatan sa Accounting:** May karapatan kang makatanggap ng accounting ng mga pagbubunyag ng iyong PHI na aming ginawa, maliban sa mga sumusunod na pagbunyag:

i. Para isagawa ang paggamot, pagbabayad, o mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan;

ii. Sa iyo;

iii. Sa mga taong sangkot sa iyong pangangalaga;

iv. Para sa pambansang seguridad o mga layunin ng intelihensiya; o

v. Sa mga institusyong pangkoreksyon o opisyal ng pagpapatupad ng batas.

Kailangan mong gawin ang iyong kahilingan para sa accounting ng mga pagbubunyag ng iyong PHI sa pamamagitan ng sulat sa aming privacy officer sa privacyofficer@trinity-health.org at sa 20555 Victor Parkway, Livonia, MI 48152.

Dapat mong isama ang yugto ng panahon ng accounting, na hindi maaaring lumampas sa 6 na taon. Isang beses sa anumang 12-buwan na panahon, bibigyan ka namin ng accounting ng mga pagbubunyag ng PHI mo nang walang bayad. Ang anumang karagdagang kahilingan para sa accounting sa loob ng panahong iyon ay may makatuwirang bayarin para sa paghahanda ng accounting.

D. **Karapatan na Humiling ng Mga Paglilimita:** May karapatan kang humiling ng mga paglilimita sa mga partikular na paggamit at pagbubunyag ng PHI mo para isagawa ang paggamot, pagbabayad, o mga function ng operasyon sa pangangalagang pangkalusugan o para ipagbawal ang naturang pagbubunyag. Gayunpaman, ikokonsider namin ang request mo ngunit hindi kinakailangan na sumang-ayon sa hiniling na mga paglilimita.

E. **Karapatan na Humiling ng Mga Paglilimita sa isang Health Plan:** May karapatan kang humiling ng paglilimita sa pagbubunyag ng PHI mo sa health plan (para sa mga layunin ng pagbabayad o operasyon sa pangangalagang pangkalusugan) kung ikaw ay nagbayad nang buo mula sa sarili mong pera para sa mga natanggap na item o serbisyong ibinigay. Igagalang ang mga ganitong request.

F. **Karapatan sa Mga Kumpidensyal na Komunikasyon:** May karapatan kang makatanggap ng mga kumpidensyal na komunikasyon ng PHI mo sa pamamagitan ng alternatibong paraan o sa mga alternatibong lokasyon. Halimbawa, pwede mong hilingin na kokontakin ka lang namin sa trabaho o sa pamamagitan ng mail. Kapag ibinigay mo ang iyong email, pwede ka naming kontakin sa pamamagitan ng email na iyon maliban na lang kung hihiling ka ng alternatibong paraan ng pagkontak.

G. **Karapatan na Makatanggap ng Kopya ng Abisong ito:** May karapatan kang makatanggap ng papel na kopya ng Abiso ng Mga Kagawian sa Privacy na ito, kapag hiniling.

## VI. Paglabag sa Hindi Ligtas na PHI

Kung may paglabag sa hindi ligtas na PHI na makakaapekto sa iyo, kinakailangan naming ipaalam sa iyo ang paglabag na iyon. Posibleng ibigay ang nasabing abiso ng aming business associate sa ngalan namin.

## VII. Pagbabahagi at Sama-samang Paggamit ng Iyong Impormasyon sa Kalusugan

Ginagamit ng mga miyembro ng Trinity Health at medikal na staff ang PHI mo para sa paggamot, pagbabayad at/o para sa mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan na pinapahintulutan ng HIPAA kaugnay ng aming mga kapwa pasyente. Habang nagbibigay ng pangangalaga sa iyo at bilang pagsusulong ng aming misyon para mapabuti ang kalusugan ng komunidad, ibabahagi namin ang PHI mo sa ibang mga organisasyon at provider na sumang-ayon na sundin ang mga tuntuning inilarawan sa ibaba:

A. **Medikal na Staff:** Magkasamang nakikilahok ang medikal na staff at ang mga miyembro ng Trinity Health sa isang organisadong arrangement sa pangangalagang pangkalusugan para maihatid sa iyo ang pangangalagang pangkalusugan. Sumang-ayon kaming sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito patungkol sa PHI na ginawa o natanggap bilang bahagi ng

paghahatid ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo. Ia-access at gagamitin namin ang PHI para matupad ang aming misyon sa pagkawanggawa, kabilang ang pagsusuri at pagpapabuti ng kalidad ng pangangalaga.

B. **Membership sa Trinity Health:** Kami at ang iba pang miyembro ng Trinity Health ay magkasamang nakikilahok sa organisadong arrangement sa pangangalagang pangkalusugan para sa pagsusuri sa paggamit, pagtatasa ng kalidad, at mga kaugnay na aktibidad. Bilang bahagi ng Trinity Health, isang pambansa na Katolikong health care system, na kinabibilangan ng iba pang ospital, nursing home, at health care provider, ibinabahagi namin ang PHI mo para sa pagsusuri sa paggamit, pagtatasa ng kalidad, at mga kaugnay na aktibidad ng Trinity Health, ang parent company, at mga miyembro nito. Sumang-ayon ang lahat ng miyembro ng Trinity Health na sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito patungkol sa PHI na ginawa o natanggap bilang bahagi ng mga aktibidad sa pagsusuri sa paggamit at pagtatasa ng kalidad.

   Pumunta sa mga website ng Trinity Health para sa listahan ng mga miyembrong organisasyon sa http://www.trinity-health.org. O, bilang kahalili, pwede mong tawagan ang aming Privacy Officer para humiling nito sa 833-718-1043, o pwede mo kaming i-email sa privacyofficer@trinity-health.org.

C. **Mga Business Associate:** Ibabahagi namin ang PHI mo sa mga business associate at sa kanilang mga subcontractor na kinontrata para magsagawa ng mga function sa negosyo sa ngalan namin, kabilang ang Trinity Health, na nagsasagawa ng mga partikular na function sa negosyo para sa aming mga miyembro.

D. **Ang Mga Health Care Provider at Care Coordinator:** Nakakatanggap ka ng pangangalagang ibinibigay sa setting ng pinagsamang pangangalaga, kung saan tinitingnan ang mga pasyente ng iba't ibang provider ng pangangalaga at sa iba't ibang setting ng pangangalaga bilang bahagi ng pagpapatuloy ng pangangalaga at koordinadong paghahatid ng pangangalaga. Ibinabahagi namin ang PHI mo sa iba pang health care provider at care coordinator na nagtutulungan para magbigay ng paggamot, makakuha ng bayad, at magsagawa ng mga operasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Ibinabahagi ang PHI mo nang elektroniko sa maraming paraan sa mga provider na kasangkot sa paghahatid ng pangangalaga at koordinasyon ng pangangalaga. Posibleng ibahagi ang PHI mo sa pamamagitan ng direktang koneksyon sa elektronikong sistema ng record ng kalusugan ng ibang mga provider. Posibleng ibahagi ang PHI mo sa palitan ng impormasyon ng kalusugan o sa pamamagitan ng teknolohiyang nagbibigay-daan sa mga downstream provider at care coordinator para makuha ang iyong impormasyon. Posibleng ibahagi ang PHI mo sa pamamagitan ng ligtas na transmission sa mga inbox ng ibang provider.

## VIII. Mga pagbabago sa Abisong ito

Susundin namin ang mga tuntunin ng Abisong ito na kasalukuyang may bisa. May karapatan kaming gumawa ng mahahalagang pagbabago sa mga tuntunin ng Abiso nito at gawing epektibo ang mga bagong probisyon ng Abiso para sa lahat ng PHI na aming pinapanatili. Ipapamahagi namin / bibigyan ka namin ng na-revise na Abiso sa una mong pagbisita kasunod ng pag-revise ng Abiso- sa mga kaso kung saan gumawa kami ng mahalagang pagbabago sa Abiso. Pwede ka ring humingi ng kasalukuyang kopya ng Abiso anumang oras. Naka-post ang mga kasalukuyang kopya sa mga internet site ng miyembro ng Trinity Health.

**Mga Reklamo:** Kung naniniwala kang nalabag ang iyong mga karapatan sa privacy, pwede kang maghain ng reklamo sa aming Privacy Officer o sa Kalihim ng Departamento ng Kalusugan at Human Services. Maaari ding isumite ang mga reklamo sa amin sa privacyofficer@trinity-health.org, o sa pagtawag sa 833-718-1043, o sa aming system privacy officer sa 20555 Victor Parkway, Livonia, MI 48152.

## *IX. Hindi ka gagantihan para sa paghahain ng anumang reklamo.*

Opisyal sa Privacy – Mga Tanong / Alalahanin / Karagdagang Impormasyon: Kung mayroon kang anumang katanungan, alalahanin, o nais ng karagdagang impormasyon tungkol sa mga isyung sakop ng Abiso ng Patakaran sa Privacy na ito, kontakin ang aming privacy officer sa 833-718-1043, o pwede kayong mag-email sa privacyofficer@trinity-health.org.